

Ebola quarantine bago pa man makarating sa Pinas, ayon sa mga eksperto



Mahigpit na seguridad ang ipinatutupad sa kasalukuyan sa mga pandaigdigang paliparan sa bansa dahil na rin sa posibleng banta ng Ebola virus. (Larawan mula sa GMA News Online)

Ni Allan Mauro V. Marfal
S&T Media Service, STII

Payo ng eksperto sa mga Pinoy at dayuhang magmumula sa mga bansang mayroong Ebola, magpa-quarantine na bago pa man makarating sa bansa.

Ito ang pahayag ni Philippine Council for Health and Research Development (PCHRD) executive director Dr. Jaime C. Montoya sa katatapos lamang na round table discussion na pinamunuan ng Department of Science and Technology sa pamamagitan ng National Academy of Science and Technology (DOST-NAST).

Ang nasabing pagpupulong ay pinamagatang "Coping with Emerging Infectious Diseases" at ginanap sa Traders Hotel kamakailan.

Ani Dr. Montoya, ang mga bansang Liberia at Sierra Leone ang dapat magsagawa ng quarantine sa loob ng 21 araw bago pa payagang makabalik ang mga dayuhan sa kani-kanilang bansa. Sa pamamagitan nito, mas mapipigilan ang pagkalat ng nakahahawang sakit sa iba't ibang bahagi ng mundo.

Dagdag pa niya na inaasahang maraming OFW ang uuwi sa bansa sa panahon ng Kapaskuhan kaya naman pinapayuhang manatili sa pamamahay at magpakonsulta agad sa mga duktor kung mayroong dinaramdam na sakit.

Si Dr. Montoya ang tumatayong chairman ng Health and Sciences Division ng DOST-NAST at dalubhasa sa pag-aaral ng Infectious

Disease. Siya ay miyembro rin ng World Health Organization Western Pacific Region Clinical Advisory Committee for Emerging Infections.

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

Hindi lang sa pelikula, "storm chaser" technology bibida tuwing bagyo **p2**

Project NOAH ng DOST muling nag-uwi ng pagkilala mula sa ibang bansa **p3**

Tulong sa mga imbentor, palalawakin ng DOST **p4**

Larawanews **p4**

Hindi lang sa pelikula, “storm chaser” technology bibida tuwing bagyo

Ni Joy M. Lazcano

S&T Media Service, DOST-STII

Kung akala ninyo sa Hollywood lamang makikita ang eksena ng mga “storm chaser”, kamakailan ay ibinahagi ni Department of Science and Technology Secretary Mario G. Montejo ang plano nitong magbuo ng isang grupo upang mas palakasin ang kakayahan ng Kagawaran sa weather monitoring and forecasting.

Ang impormasyon ay ibinahagi ni Sec. Montejo sa ginanap na Mindanao Cluster Science and Technology Fair sa SMX Convention Center, Lanang, Davao City.

“Last year, we started the storm chaser technologies or the mobile radar to be deployed near the areas where the typhoon will hit... for additional weather monitoring for incoming weather disturbances,” pahayag ni Sec. Montejo.

Dahil na rin sa pagbabago ng panahon na nagdudulot ng mas malalakas na bagyo katulad na lamang ng Bagyong Pablo na tumama sa Mindanao na isang Category 5 na bagyo. Ang Bagyong Pablo ay mayroong lakas ng hangin na hanggang 280 km/h kaya naman mahalaga ang bawat impormasyong makukuha mula sa storm chaser.

Ang storm chaser ay ang mga indibidwal na literal na humahabol sa anumang weather condition sa ngalan ng scientific study. Bitbit



Photo by Inquirer.net

ang mga kagamitan katulad ng mga basic photography equipment hanggang sa satellite based tracking system at live data feed sa mga vehicle mounted weather station. Mapanganib din ang nasabing trabaho lalo na sa kondisyon ng mga kalsada sa panahon ng bagyo.

Sa hiwalay na panayam, ibinahagi ni Sec. Montejo na mayroon nang grupo mula sa Philippine Atmospheric and Geophysical, Astronomical Services Administration ang bubuo at pupunta sa mga lugar na posibleng tamaan ng bagyo bago pa man ito dumating.

Sa kabilang dako naman, maring binanggit

ni Sec. Montejo ang paggamit sa mga high performance supercomputer upang maisagawa ang mga high-volume data computing para sa complex weather modeling.

Target ngayon ng DOST ang makamit ang six-hour lead-time weather forecast kapag mayroong bagyo upang mabigyan ng sapat na panahon sa paghahanda ang mga lokal na pamahalaan.

Ipinagmalaki rin ni Sec. Montejo ang pagkakaroon ng expansion program ng Disaster

Risk and Exposure Assessment for Mitigation o DREAM LiDAR project na tinatawag na PHIL-LiDAR I na gagawa ng high resolution hazard map sa mga natitirang 257 floodplain area na hindi kabilang sa 20 priority river basin ng bansa. Sa kabuuan, mayroong 22,000 square kilometer na binabahang lugar ang magagawan ng hazard map mula taong 2014 hanggang 2016.

Panghuli, kabilang na sa nasabing proyekto ang 14 na State Universities and Colleges sa paggawa ng mga flood model para sa Project NOAH website. (S&T Media Service, DOST-STII)

Ebola quarantine... Mula sa pahina 1

Samantala, sang-ayon naman si Dr. Mediadora C. Sanial, pangulo ng University of the Philippines Medical Foundation, Inc. sa ibinahagi ni Dr. Montoya. Dagdag pa niya na ayon sa isang pag-aaral, ang mga exit screening sa mga biyahero ay ang pinaka-epektibong pamamaraan upang matukoy kung mayroong sintomas ng nakahahawang sakit ang isang dayuhang papalabas sa isang bansa.

Matatandaan na nagbigay ng kautusan si Pangulong Benigno S. Aquino III na pabalikin sa bansa ang mga Overseas Filipino Worker (OFWs) sa mga bansang Liberia, Guinea, at Sierra Leone kasama pa ang may 145 na Filipino Peacekeeper sa Liberia sa harap ng panganib nang pagkalat ng sakit na Ebola.

Ngunit, dahil ang bansang Pilipinas ay walang batas at polisiya na nagtatakda na akuin ng mga bansang nabanggit ang mandatory quarantine sa mga dayuhang pabalik ng kani-kanilang bansa, ayon kay Dr. Montoya, walang magagawa ang pamahalaan kung hindi isagawa ang quarantine dito.

Para naman kay Dr. Sanial, nakahanda naman ang bansa na magsagawa ng quarantine sa mga OFW sapagkat mayroong sapat na kagamitan ang bansa para dito

ngunit binigyan-diin niya na kailangang bigyang-pansin din ang pagkakaroon ng mga pamantayan upang magkaroon ng kakayahang matukoy at mapigilan ang pagkalat ng nakahahawang sakit gaya ng Ebola.

Inirekomenda naman ni Dr. Veronica F. Chan, miyembro ng Biological Sciences Division ng NAST ang ilan sa mga hakbang upang maiwasan ang nasabing nakahahawang sakit. Kabilang na rito ang regular na paghuhugas ng kamay na may sabon at tubig, pag-iwas sa sobrang pag-iisip na posibleng umatake sa immune system, pagkain ng mga masusustansyang pagkain at pag-iwas sa mga mataba, maalat, at matamis na pagkain.

Ang Ebola virus ay maaaring pumasok sa mga sugat at direktang kontak sa mga may sakit na pasyente. Posible ring makuha ito sa pamamagitan ng paggamit ng mga kontaminadong karayom.

Sa kasalukuyan, umabot na sa humigit kumulang 5,000 ang naitalang namatay dahil sa sakit na Ebola na nagmula sa mga nabanggit na bansa habang mayroon ding mga naitalang insidente sa mga bansang Espanya at Estados Unidos. (Impormasyon mula kay *Angelica Espie De Leon*)

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD

Editor-in-Chief

JOY M. LAZCANO

Copy Editor

JAMES B. INTIA

Layout

JUDITH L. SABLAN

Proofreader

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

Project NOAH ng DOST muling nag-uwi ng pagkilala mula sa ibang bansa

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Kinilala ang *ARKO* mobile application, bahagi ng Nationwide Operational Assessment of Hazards o Project NOAH, ang pangunahing programa ng Department of Science and Technology (DOST) para sa disaster risk reduction and mitigation sa katatapos lamang na World Summit Awards Mobile Content 2014 (WSA Mobile) kamakailan.

ARKO mobile app bilang isa sa limang nagwagi sa e-Inclusion and Empowerment category ng nasabing patimpalak na kung saan tinalo nito ang daan-daang mga katunggali sa iba't ibang bahagi ng mundo. Ang prestihiyosong international award ay kinikilala ang pinakamagaling na mobile content solution sa buong mundo na kung saan ang mga ito ay kinakailangang nagpapakita ng pagkamalikhain, inobasyon, at impact sa mga gagamit ng nasabing mobile app.


"*ARKO* serves as a vehicle to deliver important information regarding floods to ensure the safety of our communities-at-risk and this app proves one thing; it shows that Filipino talent is world class," wika ni DOST Secretary Mario G. Montejo.

Sa pangkalahatan, ang *ARKO* ay isa sa 40 na nagwagi sa WSA Mobile mula sa 456 kalahok na proyekto na isinumite ng 98 bansa.

"The creation of the *ARKO* mobile app for Project NOAH is one clear example of the innovativeness and ingenuity of our Filipino scientists and software engineers who developed a very important tool in disaster preparedness by providing information about floods that will enable our communities to prepare ahead of time," pagdidiin ni Montejo.

Maliban sa *ARKO* ng Pilipinas, ang ColorADD ng Portugal, Braille Board mula sa Palestine, SnooCode ng Ghana, at LIVOX naman ng Brazil ang ilan sa mga nagwagi sa nasabing patimpalak.

Ang mga nagwagi sa WSA Mobile, sa pakikipagtulungan ng World Summit on the Information Society ng United Nation kasama ang UNESCO, UNIDO, at UN GAID, ay lilipad sa Abu Dhabi sa 1-3 Pebrero, 2015 upang tanggapin ang kani-kaniyang parangal na kasabay din ng pagdiriwang ng WSA Mobile Global Congress. (*S&T Media Service*)



Tulong sa mga imbentor, palalawakin ng DOST

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Dahil malaki ang maibabahagi ng mga imbensyon sa ekonomiya ng bansa, target ngayon ng Department of Science and Technology sa pamamagitan ng Technology Application and Promotion Institute (DOST-TAPI) ang 100 patent application sa buong taon.

Ayon kay DOST Secretary Mario G. Montejo, "we are continuously looking for better ways to serve our clientele, including inventors," kaya naman ang DOST ay naglaan ng iba't ibang tulong sa mga lokal na imbentor upang madala sa merkado at mapakinabangan ang mga imbensyon.

Ang patent ay isang Intellectual Property Right (IPR) na ibinibigay sa isang imbentor upang kanya itong eksklusibong mapakinabangan sa pamamagitan ng pagbibenta ng produkto nito sa merkado o pagpapahintulot ng paggamit sa isang imbensyon sa bansa ng mayroong kapalit na kabayaran sa loob ng pinagkasunduang taon. Ang DOST-TAPI ang pangunahing ahensiya ng pamahalaan na naatasang suportahan ang pagyabong ng mga lokal na imbentor sa pamamagitan ng Executive Order No. 128 na dati ring kilala bilang Philippine Invention Development Institute.



Masasabi na ang pamantayan sa isang bansa ay masusukat sa kontribusyon ng mga patent at imbensyon nito sa paglago ng Global Competitiveness Index kaya naman ang DOST-TAPI sa pangunguna ni Director Edgar Garcia ay nakipagkasundo sa grupo ng mga patent professional tulad ng Association of PAQE Professionals, Inc. (APP) at ang Innovation and Technology Support Office Network ng Intellectual Property Office of the Philippines upang mapabilis ang pagsusumite ng mga patent application ng mga imbentor.

Sa puntong ito, pinaghusay din ng DOST-TAPI ang serbisyo nito sa mga patent assistance.

"For instance, we expanded our Intellectual Property Rights Assistance Program to cover not only patent and utility model applications but also other intellectual property rights," paliwanag ni Dr. Garcia.

Maliban sa patent, ang iba pang IPR ay kinabibilangan ng industrial design, trademark, Utility Model, at copyright.

Ani Dr. Garcia, pinalawak din ng nasabing ahensiya ang pagbibigay ng tulong magmula sa loan assistance, ito ay isa nang grant. Dagdag pa niya na hindi dapat mangamba ang mga imbentor sapagkat ang mga tulong na ibinabahagi ng DOST ay libre.

Kasama rin sa mga tulong sa mga imbentor ang iba't ibang teknolohiya at serbisyo tulad ng Advanced Device and Materials Testing Laboratory or ADMATEL at Food Innovation Center na kung saan ay maaaring mapaghusay pa ang imbensyon o produkto.

Maliban dito, ang DOST-TAPI ay nagsasagawa ng National Invention Contests and Exhibits, ang taunang invention exhibit na naglalayong hikayatin ang mga lokal na imbentor na ipamalas sa publiko ang angking talento. Ayun kay Sec. Montejo, "DOST will never leave our fellow inventors behind, especially if they have good and novel products," Montejo said.

LarawaNEWS

IKALAWANG DREAM COME TRUE. Isa na namang parangal ang natanggap ng Department of Science and Technology (DOST) para sa proyektong 3D mapping technology na tinawag na Disaster Risk Assessment, Exposure and Mitigation-Light Ranging and Detection Technology (DREAM-LiDAR) sa katatapos lang na Asia Geospatial Excellence Award sa pag-uumpisa ng Asia Geospatial Forum 2014 na ginanap sa Jakarta, Indonesia. Ang nasabing proyekto ay bahagi ng Nationwide Operational Assessment for Hazards (Project NOAH), na naglalayong mabawasan ang masasamang dulot ng pagbaha sa bansa sa pamamagitan ng pagkolekta ng mga geospatial data mula sa LiDAR technology. Ang mga datos ay ginagamit upang makagawa ng mga high resolution at accurate flood inundation map ng buong bansa. Ang proyekto ay pinangungunahan ni Dr. Eric Paringit (kanan) ng University of the Philippines Diliman. Kasama ni Dr. Paringit na tumanggap ng nasabing parangal si DOST Assistant Secretary Raymund E. Liboro (gitna) at Dr. Fidel Nemenzo, Vice-Chancellor for Research and Development, UP Diliman. (S&T Media Service)

